F-Secure Mobile Anti-Virus™
para sa S60

1. Pag-install at Pagpapabuhay

Nakaraan Bersyon

Kung mayroon kang nakaraang bersyon ng F-Secure Mobile Anti-Virus na naka-install, kailangan mo itong isara. Huwag alisin sa pagkaka-install ang produkto, sapagkat maaari itong awtomatikong matanggal.

Pag-i-install

Upang mag-install:

1. Buksan ang inbox at mag-scroll papunta sa mensahe na naglalaman ng installation package.
2. Buksan ang mensahe, at pindutin ang **Oo** upang kumpirmahin ang pag-install.
3. Sa screen ng kasunduan sa Lisensya, basahin ang kasunduan at pindutin ang **OK** upang magpatuloy.
4. Kapag handa na ang pag-install, kailangan mong buhayin ang produkto. Hindi pinoprotektan ng produktong ito ang iyong aparato kung hindi mo pa ito napapabuhay.

Pagpapabuhay

Para simulan ang pagpapabuhay:

1. Pindutin ang pindutan ng **Menu** at mag-scroll papunta sa simbolo na .
2. Buksan ang application. Ipinapakita ang screen ng Pagbati.
3. Pindutin ang **OK** upang magpatuloy.
4. Piliin ang uri ng pagpapabuhay:
   - Para simulan ang pagsusuri, pindutin ang **Mga Pagpipilian> Palitan**, palitan ang uri ng pagpapabuhay sa **Libreng pagsusuri**, at pindutin ang **Gawa na**, O
   - Upang makuha ang bersyon na may ganap na lisensya, piliin ang **Numero ng suskrisyon** bilang uri ng pagpapabuhay, at pindutin ang **Gawa na**. Ipasok ang iyong numero ng suskrisyon at pindutin ang **OK**.
5. Pindutin ang **Oo** upang kumonekta sa serbisyo ng pagpapasariwa at simulan ang pag-download ng mga pagpapasariwa, o pindutin ang **Hindi** upang ikansela ang pagpapabuhay.

   Ang application ay kumokonekta sa iyo sa serbisyo ng pagpapasariwa at sinusumite nito ang iyong numero ng suskrisyon. Sa unang pagpapasariwa, magda-download ang application ng isang bagong database ng pagkilala ng bayrus.
6. Kapag kumpleto na ang pag-download, may mensaheng magbibigay-alam sa iyo na tagumpay ang pagrerehistro at napabuhay na ang application. Pindutin ang **OK** upang magpatuloy.
7. Sa susunod na screen, pindutin ang **OK** para wakasan ang pagpapabuhay.

8. Kapag natapos mo na ang pagpapabuhay, kilatisin ang iyong aparato para sa mga bayrus upang siguraduin na malinis ang iyong aparato. Tingnan ang bahaging *Kilatisin ang mga Bayrus* sa ibaba.

   Kailangan mo ding kilatisin ang iyong aparato tuwing hihilingin ito ng application.

Pag-uumpisa ng Produkto

Matapos mong buhayin ang F-Secure Mobile Anti-Virus, awtomatiko na itong mag-uumpisa tuwing bubuksan mo ang iyong aparato. Kung pinili mo ang mode mano-manong pagkilatis, kailangan mong simulan ang application nang mano-mano:

1. Pindutin ang pindutan ng **Menu** at mag-scroll papunta sa simbolo na .
2. Piliin ang **Mga Pagpipilian> Buksan**.

2. Kilatisin ang mga Bayrus

Ang F-Secure Mobile Anti-Virus ay umaandar sa background at awtomatiko nitong kiniklatis ang iyong mga file.

1. Kapag may natagpuang bayrus habang isinasagawa ang real-time na pagkilatis, may ipapakitang mensahe. Pindutin ang **Oo** upang tingnan ang (mga) nahawaang file, o **Hindi** upang isara ang pagtanaw.
2. Ang pagtanaw ng mga Pagkakahawa ay naglalaman din ng isang listahan ng mga nahawaang file sa aparato. Para sa bawat aytem na nasa listahan, ipinapakita ang katayuan ng file (naka-quarantine, pinakawalan) at ang pangalan ng nahawaang file. Kapag hindi mo pa naisasa-proseso ang isang nahawaang file, at natingnan ang mga detalye nito, may lalabas na simbolo na kulay-pulang tandang padamdam sa tabi ng teksto ng katayuan sa pagkakahawa.
3. Upang tingnan ang karagdagang mga detalye ukol sa isang nahawaang file, piliin ang file, at pindutin ang **Mga Pagpipilian> Mga Detalye**.

Pagsasaproseso ng mga Nahawaang File

Upang maisaproseso ang mga nahawaang file:

1. Sa pagtanaw ng mga Pagkakahawa, piliin ang nahawaang file upang maisaproseso.
2. Pindutin ang **Mga Pagpipilian> Proseso pinili**.
3. Mula sa menu na **Pumili ng kilos** , piliin ang nais na pagkilos, at pindutin ang **OK**.

   Maaari mong isaproseso ang mga nahawaang file sa isa sa mga sumusunod na paraan:

   - **Quarantine** - ipa-quarantine o ikulong ang nahawaang file. Ang isang napa-quarantine na file ay kinakandado at hindi nito mapipinsala ang iyong aparato kapag ang F-Secure Mobile Anti-Virus ay nakabukas.
   - **Burahin** - burahin ang nahawaang file. Ito ang inirerekekumendang pagpipilian. Ang file ay ganap na tatanggalin mula sa iyong aparato. Upang maipanumbalik ang binurang file sa susunod, muli itong i-install at ipanumbalik ito mula sa isang backup na kopya, kung may ginawa ka.
   - **Pakawalan** - pakawalan ang pina-quarantine na file. Kapag pinakawalan mo ang isang file, hindi na ito ikakandado. Ikaw ang haharap sa panganib ng paggamit nito.

3. Pagpapanatiling Sariwa ang Produkto

Mga Awtomatikong Pagpapasariwa

Ang F-Secure Mobile Anti-Virus ay may kasamang serbisyo sa awtomatikong pagpapasariwa, na nangangahulugan na ang database ng pagkilala sa bayrus na nasa application ay regular na napapasariwa. Tanging ang isang sariwang database sa pagkilala ng bayrus ang makakaprotekta sa iyong aparato laban sa mga pinakabagong bayrus. Ang mga awtomatikong pagpapasariwa ay paaandarin matapos mong buhayin ang produkto.

Ang application ay nangangailangan ng isang aktibong koneksyon sa Internet para sa mga pagpapasariwa. Kapag may magagamit nang koneksyon sa Internet, sinusuri ng application kung kailan huling napasariwa ang database ng pagkilala ng bayrus at mag-download ng mga bagong pagpapasariwa kung kinakailangan.

Mano-manong Pagpapasariwa

Maaari mo ding ipasariwa ang application nang mano-mano:

1. Sa alinman sa mga pangunahing pagtanaw, piliin ang **Mga Pagpipilian> Pasariwain ang Anti-Virus**.
2. Piliin ang Internet access point na gagamitin upang kumonekta sa server ng pagpapasariwa. Dina-download ng application ang pinakabagong database sa pagkilala ng bayrus at agad itong pinapatupad.
3. Kapag natapos na ang pagpapasariwa, pindutin ang **OK** upang kilatisin ang iyong aparato laban sa mga bayrus. Tingnan ang bahaging *Kilatisin ang mga Bayrus* sa itaas.

Bersyon Mga Pagpapasariwa

Kapag may isang bagong bersyon ng F-Secure Mobile Anti-Virus ang magagamit, may mensahe na lalabas upang hilingin kang mai-download ito. Matapos na mai-download ang bagong bersyon, susuriin ng application ang mga kinakailangang puwang sa pag-imbak at kusa itong nagsasara. Ang lumang bersyon ay tinatanggal at ini-install ang upgrade. Kapag natapos na ang upgrade, muling magsisimula ang application.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, i-download ang *F-Secure Mobile Anti-Virus para sa Gabay sa Gumagamit ng S60* (makukuha sa wikang Ingles) sa http://mobile.f-secure.com/

Suportang Pang-teknikal

Kapag mayroon kang mga katanungan ukol sa application na hindi natalakay sa mga gabay o sa mga serbisyong online sa http://mobile.f-secure.com/, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapamahagi ng F-Secure o nang direkta sa F-Secure Corporation.

Talahulugan

Scanning mode

Ang scanning mode o mode ng pagkilatis ay tumutukoy sa uri ng pagkilatis na ginagamit.

Database ng pagkilala ng bayrus

Ang database ng pagkilala ng bayrus ay naglalaman ng impormasyon ukol sa mga bayrus. Ang application ay gumagamit ng mga kahulugan ng iba't-ibang bayrus upang matuklasan ang pagkakaroon ng mga bayrus.

PAGLILINAW

Ang "F-Secure" at ang simbolong tatsulok ay mga rehistradong markang-kalakal (registered trademarks) ng F-Secure Corporation at ang mga pangalan at simbolo/logo ng produkto ng F-Secure ay mga markang-kalakal (trademarks) o rehistradong markang-kalakal (trademarks) ng F-Secure Corporation. Ang lahat ng mga pangalan ng produkto na nababanggit dito ay mga markang-kalakal o rehistradong markang-kalakal ng kani-kanilang mga kaukulang kumpanya. Nililinaw ng F-Secure Corporation na hindi nito inaangkin ang pagmamay-ari ng mga marka at pangalan ng iba pa. Bagaman ginagawa ng F-Secure Corporation ang lahat ng pagsusumikap upang siguraduhin na wasto ang impormasyon na ito, walang sagutin ang F-Secure Corporation sa anumang mga pagkakamali o pagkakalaktaw ng mga katunayan na nakapaloob dito. Inilalaan ng F-Secure Corporation sa sarili nito ang karapatan na baguhin ang mga detalyeng nabanggit sa dokumentong ito nang walang paunang abiso.

Ang mga kumpanya, pangalan at data na ginagamit sa mga halimbawa dito ay kathang-isip lamang maliban kung baligtad ang ipinahiwatig. Walang anumang bahagi ng dokumentong ito ang maaaring kopyahin o ilipat sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o de-makina, para sa anumang layunin, nang walang tahasang nakasulat na pahintulot ng F-Secure Corporation.

Ang produktong ito ay maaaring masaklaw ng isa o higit pang mga patent ng F-Secure, kabilang ang mga sumusunod:

GB2353372, GB2366691, GB2366692, GB2366693, GB2367933, GB2368233, GB2374260

Karapatang-kopya © 2006 F-Secure Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan